# *ANG PAGTATAMAN[1] NG NASYUNALISMO SA PANULAT NI AMADO V. HERNANDEZ AT BIENVENIDO L. LUMBERA AT ANG DISKURSONG POSTKOLONYAL*

■ *ROSARIO TORRES-YU*

Si Rosario Torres-Yu ay Propesor ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Premyadong awtor siya ng mga librong bunga ng mga pananaliksik sa kritisismong pampanitikan, Philippine Studies at malikhaing panulat. Pinakabago niyang librong nalathala ang *Balagen, Edukasyong Pangkapayapaan at Panitikang Pambata* (University of the Philippines Press, 2011) at *Alinagnag, Mga Panunuring Panlipunan sa Panitikan* (University of Santo Tomas Publishing House, 2011). Tinanggap niya ang UP Centennial Professorial Chair para sa taong 2012. Kasalukuyan siyang Direktor ng Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman.

## *ABSTRACT*

This paper discusses its central argument that the nationalist and radical social critique of the national democratic social movement continues to be relevant in the Philippines. Hernandez's and Lumbera's discourse are positioned in this critique. In the present debate among intellectuals who espouse the postcolonial critique of ideology, and those who oppose it, the writings of Hernandez and Lumbera continue to be relevant to Philippine conditions in the ongoing struggle against imperialism in its present form.

Keywords: Nasyunalismo, postkolonyal, Hernandez, Lumbera, kritisismo, kilusang makabayan

Pangangatwiranan ng papel na ito na nagpapatuloy ang kabuluhan ng panlipunang panunuri sa panitikang nilikha sa wikang Tagalog at Filipino ng mga manunulat na sina Amado V. Hernandez at Bienvenido L. Lumbera, parehong mga Alagad ng Sining sa Panitikan na kinilala sa magkaibang panahon. Hindi ang kanonisasyong iginawad sa kanila ng estado ng naghaharing-uri ang batayan ng posisyong isinusulong dito, kundi ang makabayan at radikal na bisyon ng kanilang lalong pinaka-importanteng panulat. Dito nakasalalay ang asersyong makabuluhan ang pagtatamang ginagawa nila sa makabayang diskursong nakaugat sa karanasan ng radikal na kilusang panlipunan sa Pilipinas. Nililinaw din sa panunuring ito ang teoretikal at praktikal na pagkakaiba ng kanilang panunuri sa diskursong postkolonyal sa kasalukuyan.

## *Kapaligiran ng Kritisismo sa Panitikan sa Akademya*

May mahabang tradisyon ng pagkatha ng makabayan at radikal na panitikan ang Pilipinas (Teodoro, Lumbera, Ordoñez, Hernandez, San Juan, Jr., Daroy, Guillermo) at umagapay sa pana-panahon ang panunuri sa panitikang ito. Isinulong ng panitikang ito ang nasyunalismong mahigpit na nakakawing sa kilusang rebolusyunaryo at kilusang manggagawa noong panahon ng kolonyalismo. Nilikha ng rebolusyong laban sa kolonyalismo ng Espanya na pinamunuan ng Katipunan ang kondisyon upang makatha ang makabayang panulat na kinabibilangan ng mga *cartillas*, tula, dula, sanaysay, *manifesto,* dekalogo, at *memoir* (talambuhay). Ang paniniwalang mapatutunayan sa pag-anib sa kilusang rebolusyunaryong Katipunan ang pag-ibig sa bayan na itinatanghal na pinakabanal at pinakadakilang uri ng pag-ibig ng mga Pilipinong nagmamahal sa bayan ang diwa ng mga tulang rebolusyunaryo ni Andres Bonifacio.

Makikita sa pabuod na pagtanaw ni Elmer Ordoñez (*Emergent Literature*) sa tradisyong ito, ang iba't ibang nangibabaw na diwa't simbuyo ng panitikang makabayan mula sa umpisa hanggang sa kasalukuyan, ngunit hindi humiwalay sa pagkakaugnay nito sa rebolusyunaryong kilusan:

> Thus, we see the trajectory of nationalist literature from the social realist mode of Rizal to the Katipunero writers, the proletarian trend among writers involved in the labor and mass movement, the patriotic and anti-American sentiments of writers in Spanish and English, including the socially committed literature of the Commonwealth era, the protest and radical writings of the national democratic movement, and the underground poems and narratives of guerillas. (70)

Tinugaygayan ng mga panulat nina Hernandez at Lumbera ang tradisyong ito sa tiyak na pook ng kanilang pagkamanunulat sa panahong matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Pagpapatuloy ng kolonyalismong Amerikano ang mga taon ng dekada 50 na pinasinayaan ng "Cold War." Sa pagkakataong ito, mukha ng neo-kolonyalismo ang nakalitaw sa pagbibigay ng politikal na kalayaan at pagganap ng Filipinong *elite* sa pamahalaan na sumiguro sa kolonyal na interes sa pamamagitan lalo na ng *parity rights* ng mga Amerikano, pagpapatibay sa Bell Trade Act, at mga *import and export control* sang-ayon sa US Bell Mission. Sa dekadang ito rin nagtagumpay ang kolonyal na interes na mapigilan ang paglakas ng ilang umusbong na nasyunal at *light industry producers* na resulta ng "import substitution industries" at ang patuloy na *preferential treatment* sa interes ng Amerikano sa panahon ng umusbong na nasyunalismo sa ekonomiya nang pasinayaan ang "Filipino First Policy" ni Presidente Carlos P. Garcia. Sinimulan naman ng sumunod na presidenteng si Diosdado Macapagal ang paglalatag ng kondisyon sa pagpapalit ng direksyon tungo sa oryentasyong export. Hihina ang nasimulang nasyunal na industriyalisasyon at itataguyod ni Ferdinand Marcos ang "export-oriented policy" sa ekonomiya. Ang sama-samang epekto ng mga patakarang pang-ekonomiyang ito ay makikita sa krisis sa ekonomiya sa bungad ng dekada 70, na magiging entablado rin ng pag-igting ng radikal at makabayang pagtutol ng sambayanan, kasama ang mga intelektuwal, at ang pag-oorganisa ng mga armadong kilusang kontra sa estado tulad ng Communist Party of the Philippines-New Peple's Army (CPP-NPA) na pinamunuan in José Ma. Sison at ng Moro National Liberation Front (MNLF) na pinamunuan ni Nur Misuari.

Sa larangan ng kultura, patuloy ang Amerikanisasyong naantala lamang pansamantala ng digmaan. Bago ang digmaan, ginamit na ang Ingles sa pagtuturo sa sistema ng paaralang publiko at sa pagtuturo ng wikang ito, ipinasok ang *English studies* sa sistema ng edukasyong publiko na inasahang magpapatahimik sa maligalig pang mga Pilipino noong mga panahong iyon at magpapatanggap sa kultura ng Amerika. Pagkatapos ng digmaan, nangyari na rin ang proseso ng kanonisasyon ng panitikang isinulat ng Pilipino sa wikang Ingles, sa obserbasyon pa rin ni Ordoñez (117). Kasabay nito ang pagtalab ng ligtas na ideolohiya ng *liberal humanism* na kaakibat ng *New Criticism* at naging pundasyon din sa Pilipinas ng mga *humanities program* sa mga unibersidad. Tungkol pa rin sa panahong ito sa akademya, inilalarawan ng *political scientist* na si Francisco Nemenzo ang karanasan niya sa Unibersidad ng Pilipinas sa klimang intelektuwal noon. Aniya:

> I came to UP in the mid-50s with high expectations, but found the campus intellectually barren. The students then were like the students now: fun-loving, indifferent to social issues, insensitive to the plight of the poor. The Cold War despoiled academia. The Anti Subversion Law of 1957 muted the slightest expression of dissent. The only exciting debate in Diliman involved the pious flock of Fr. John Delaney and the liberal exponents of academic freedom. (47)

Sa larangan ng sining biswal, tumalab din ang pamantayan ng unibersalismo at maka-Kanlurang pamantayan ng modernisasyon. Bukod dito, sa obserbasyon ng iskolar-kritik na si Alice Guillermo, ang maka-naghaharing uring katangian ng sining na lumaganap ang dahilan ng paghihiwalay sa "High Art" at "Low Art" na nauwi sa pagreprodyus sa hirarkiya ng isang makauring lipunan at nagpalaganap ng konserbatismo sa pulitika at pagmamaliit sa nilalamang lokal ng kultura (Ordoñez, "Festschriften" 18).

Panahon ng pagbalikwas at paglakas ng aktibismo ang mga huling taon ng dekada 60, ng pagbagsak ng diktadurang rehimen ni Ferdinand E. Marcos, at restorasyon ng liberal na demokrasya ng Filipinong *elite* at monopolyong kapitalista sa panahon ng globalisasyon hanggang kasalukuyan ang kapaligiran ng panulat ni Lumbera.

Sa dalawang yugto ng kasaysayan ng pakikibakang anti-kolonyal at anti-imperyalista na sumaksi at kasali sa paglikha ng makabayan at radikal na panitikan ng dalawang manunulat ay malinaw ang programa ng dekolonisasyon at rebolusyon. Bagaman, nakaumang sa pagpapalaya ng kultura ang dekolonisasyon, may paglilinaw na kaakibat ito ng panlipunang kilusan para sa mga pundamental na pagbabagong magpapalaya sa inaaping sambayanan o ng rebolusyon. Sa magkaiba, ngunit may pundamental na pagkatutulad na konteksto ng kanilang paglikha, magkapareho ang tugon nina Hernandez at Lumbera sa tuwirang pagsali't pagsangkot sa kilusan ng sambayanan, bagay na nagpapatunay sa mahigpit na ugnayan ng teorya at praktika ng kanilang paninidigan. Tatalakayin ang tungkol dito sa mga susunod na bahagi.

## *Nilalaman ng Nasyunalismo ni Hernandez: Pilipinismo, Demokrasya, Hustisya Sosyal*

Umuugnay sa lunggating kalayaan ng rebolusyunaryong Katipunan ang panitikan ni Hernandez sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng diskursong makabayan sa panahong nagpapatuloy ang kapangyarihan ng Amerika sa

Pilipinas. Kapangyarihang kolonyal ang ibinagsak ng una; kapangyarihang neo-kolonyal ang inusig at tinunggali ni Hernandez at ng kilusan ng manggagawang pinamunuan niya. Iniilawan ng makabayang pananaw sa kasaysayan ng bansang naghahangad ng kalayaan, demokrasya't hustisya sosyal ang bisyong humugis sa kanyang panulat. Tinanaw niya ang malayang Pilipinas sa hinaharap na may pagmamalaki sa kanilang pagka-Pilipino ang sambayanan nito at may demokrasya at hustisya–sosyal na umiiral para sa lahat at hindi para sa iilan lamang na makapangyarihan. Kinilala sa bisyong ito ang mahalagang papel ng kilusang masa, o kilusan ng lahat ng mga sektor at uring naghahangad ng demokrasya sa pagwawasak ng luma upang maitayo ang bago. Sa *Bayang Malaya* itinula niya ang salaysay ng kilusang ito na nabuhay at tumugon sa mga kondisyon ng pagkaapi ng mga magsasaka't manggagawa sa kanayunan, at kalunsuran dulot ng mala-pyudal at neo-kolonyal na sistema at relasyon sa produksyon sa Pilipinas sa mga taong 1930 hanggang sa sumiklab ang digmaan sa mundo at makaladkad dito ang Pilipinas dahil sa kolonyal na relasyon sa Amerika. Para sa makata, ang obrang ito ay "pag-awit sa kagitingan ng mga gerilyang Pilipino sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig." Bukod dito, naisasalaysay niya ang pag-usbong at paglaganap ng kilusang pangmasang lumikha ng kasaysayan ng pakikibaka sa tatlong panahon: bago, habang, at matapos ang digmaan. Nakaumang pa lamang ang digmaan gayong sa Pinagbangunan, isang tipikal na baryo sa kanayunan ay nangyayari na araw-araw ang pakikibaka ng mga kasama laban sa iba't ibang anyo ng kahirapang dulot ng pyudal na relasyon at ng dagdag-pahirap pang praktis ng pautang (5/6), at mga kondisyon tulad ng walang palagiang mapagkukunan ng tubig, walang elektrisidad, at kulang na kulang sa paaralan. Pinalala pa ang kalagayang ito ng ugaling nakamihasnan ng mga taganayon na hindi natitinag kahit na sa balitang sisiklab na ang digmaan. Sa pagbabalik ng "kapayapaan," ang kalagayan ng pamumuhay na lalo pang pinahirap ng kasalatan sa lahat ng bagay dulot ng digmaan, at pagbabalik sa puwesto ng kapangyarihan ng mga dating naghaharing uri, ang matabang lupang uusbungan ng radikal na kilusang pangmasa. Sa tulang kasaysayang ito itinatala ni Hernandez ang mga makatotohanang, sapagkat umuugnay sa naganap sa kasaysayan, karanasan ng pagsupil sa marahas na pamamaraan sa mga aklasan na hinarap ng kilusan ng patuloy na pakikibaka, pag-oorganisa, at paniniwala sa kapangyarihan ng katwiran ng dangal at pagmamahal sa bayan. Ipinahayag ito ng isa sa mga lider ng kilusan na si Lantay sa ganitong pananalita:

> Di tayo gagamit ng batas ng lakas, lakas ng katwiran ang ating kalasag, di tayo alipin, tayo'y mga taong may dangal at utak, at laging taimtim magmahal sa ating Inang Pilipinas. (*Bayang Malaya,* 193)

Hindi na nalayo sa nangyari sa Pilipinas noong mga taong iyon ang mga pangyayaring magsisilbing entablado ng ipinahihiwatig na maaaring mangyari pa. Nasupil ang kilusang masa dahil sa paggamit ng dahas ng estado at pagpapakulong sa mga lider, ngunit hindi ganap. May naiwan pa sa labas, katulad ng isa pang lider na si Dupil na bubuhay at magpapalakas na muli sa loob ng mga nagapi.

Sa nobelang *Mga Ibong Mandaragit* ipinagpapatuloy ni Hernandez ang naratibo ng pakikibaka ng kilusang masa ng mga demokratikong sektor at uri sa panahon ng restorasyon ng kapangyarihan ng dayuhan/Filipinong *elite*.

Umpisa ng Setyembre 1944 hanggang sa matapos ang dekadang ito ang panahong saklaw ng pagsasalaysay sa nobela na panahong naging saksi sa tunggalian ng makadayuhang interes at ng makabayan at radikal na pagtutol dito. Babaguhin ni Hernandez ang representasyon ng lider ng kilusan ng pagbabago nang naaayon sa pagsusuri niya sa materyal at ideolohikal na katangian ng tunggalian sa nasabing panahon. Mula sa arketipong si Ibarra sa nobela ni José Rizal, lilitaw ang lider na si Mando Plaridel na pinalakas ng mga karanasan ng pagiging makabayang gerilya noong panahon ng paglaban sa mga Hapon, at ng mga pakikibaka ng kilusang pamumunuan niya. Ito ang kilusan ng pagbabago na misyon ang "malaya't militanteng pamamahayag," "siyentipiko at makabansang edukasyon," at "kooperatibang pagsasaka," na magsasakatuparan ng bisyon ng isang lipunan ng mga "Pilipino para sa Pilipino" at ng demokrasya o pagkakapantay-pantay ng lahat sa batas at pagkakataon. Malakas ang pangangatwirang nabuo sa nobela na ang mismong kongkretong mga karanasan sa pakikibaka ang magtuturo sa lider at kasapian ng lohikal na kongklusyon nito. Pinag-usapan at pinagtalunan, sa nobela ang mga nagtutunggaling posisyon ukol sa ano at paano ng pagbabagong panlipunang hinahangad at pinalutang ang iba't ibang pinanindigan. Ngunit, sa katapusan, papanig ito sa paninidigang sasambitin ng lider na si Mando: "Makatarungang demokrasya; pagkakapantay-pantay sa batas at pagkakataon sa buhay, ito ang ating panata hantungan kasakdalang tayo'y magbuwis ng ating buhay" (*Mga Ibong Mandaragit* 402). Sa tunggaliang ito, nilinaw ni Hernandez sa mambabasa na ang tagisan ay sa pagitan ng kapitalista at ng manggagawa na ang una ay hindi kinikilalang bahagi ng "bayan." Aniya:

> Sa kalagayang umiiral ngayon, hati ang sosyedad sa dalawang klase na magkasalungat ang interes: Ang unang klase'y nabubuhay at yumayaman sa pagmamay-ari ng mga kasangkapan sa produksiyon, tulad ng lupa, mina, pabrika,

> elektrisidad, transportasyon, mga sangkap na hilaw. Ito ang klase kapitalista. Ang ikalawa'y ang klase obrera. Ginagamit ng klase kapitalista ang trabaho ng obrero para manilbihan sa kanya. Sa isang salita'y binibili ng kapitalista ang trabaho ng obrero sa murang halaga; alalaong baga'y binabayaran ng una ang huli hindi sa kabuuan ng nagawa o produksiyon nito, kundi ang bahagi lamang ng panahong iginawa. Ang tubo sa produksiyo'y ibinubulsa ng kapitalista. (133)

Ang buod ng panlipunang pagsusuri ni Hernandez sa mga panahong iyon na naging batayan ng kanyang bisyong radikal sa pagbabago ng lipunan sa binanggit na dalawang importanteng akda niya ang siya ring palagiang ipinapahayag sa kanyang mga pagbatikos at pagpuna sa gobyerno at imperyalismong Amerikano sa pagbibigay-tinig sa makabayan at militanteng kilusan ng mga manggagawa. Walang pangingiming tinuligsa sa kanyang makauring kritika ang mapanlinlang na postura ng imperyalismong Amerikano at pakikipagsabwatan ng gobyerno ng Filipinong *elite*. Sa sumusunod na bahagi ng pagsipi sa isa sa kanyang mga kolum na pumapaksa sa nasyunalismo maaaninag ang talas ng kanyang pag-arok:

> Nahubdan na ng maskara ang mga kaaway ng bayan, at nakilala naman ng bayan ang kanyang lakas, namalas kung saan naroon ang kanyang kaligtasan at kalayaan. Nasubok niya na ang Amerika ay isang agilang mandaragit, at ang *special relations* na iniumang at sinagpang ng ating mga politiko, mula kay Quezon hanggang kay Marcos, ay isang mariing sumpa sa bayang Pilipino.... Bakit hindi tayo nagkaroon ng industriyalisasyon sa loob ng kalahating siglo na ang ating maestro'y ang *No.1 industrial power* sa mundo? Bakit mas mahal ang asukal sa Maynila kaysa New York gayong ang asukal na ito'y ani sa Pilipinas? .... Makababanggit tayo ng daan-daang halimbawa ng ating mga kaapihan. (Yu *"Magkabilang Mukha ng Isang Bagol"* 130-131)

Ang problema sa tinawag noong dekada 80 na mga "trapong politiko," o mga nagpapanggap na lingkod-bayan ngunit ang talagang pakay ay magpayaman sa pamamagitan ng paggamit sa kanilang posisyon at pribilehiyo, tinawag ding "burakrata kapitalista" sa diskurso ng radikal na kilusan ay nakita na rin ni Hernandez sa panahon niya. Binanggit niya ang tungkol sa eleksyon

noong makatapos ang digmaan at ang alam na ng balana na paggastos ng mga negosyante sa kanilang kandidato:

> Si David Bernstein ay nagsaad sa kanyang *The Philippine Story* nang ganito: "Tila walang pagkaubos ang pinagkukunan ng salapi ni Manuel Roxas. Ang malalaking abuloy ko sa kanyang kampanya ay umaagos buhat sa mayayamang kapakanan ng negosyo. Bago magkadigma, si Roxas ang pangunang abogado ng bupeteng may hawak sa interes ng Soriano and Company." (Ibid., 162)

Sa usapin ng manggagawa, bumalong sa batis ng kilusan ng manggagawang sinalihan niya't pinamunuan noong mga taong 1947-1951, ang kanyang naging pag-unawa't paninindigan. Isa sa mga tanyag na tula ni Hernandez, ang "Bayani," na sa panunuri in Ramon Guillermo sa tatlong bersyon nito (1924, 1940, 1960) ay naglilinaw sa mga diwa sa mga ito at ang interpretasyong paliwanag niya sa pagkakaiba ng mga ito. Marapat na sipiin nang buo ang sa huling pagsusuri ay bunga ng pagkilates in Guillermo sa tatlong bersyon:

> …sa kabila ng pagiging mas mapanghimagsik sa diwa ng unang bersyon, ang ipinapakitang lalong malalim na pagkaunawa ni Ka Amado sa diskurso ng ekonomiyang pampolitika sa mga bersyong 1940 at 1961 ng kanyang tula. May higit na malalimang pagtalakay sa huling dalawang bersyon sa mga mekanismo ng pagsasamantala at sa ugnayan ng lakas-paggawa at puhunan na nakaaangat sa payak na pagtatanghal ng unang bersyon sa "dangal" ng manggagawa. Nalalaman nating mapanganib ang pagkakapako lamang sa usapin ng "dangal" sapagkat kung ito'y mahihiwalay sa panlipunang pagsusuri sa istrukturang mapagsamantala ay hindi ito mangangahulugan na kailangan pang isulong ang malawakang pagbabagong panlipunan kung kikilalanin din lamang ang "dangal" ng manggagawa ng mga dating lumalait sa kanya. Sinasalungguhitan nito na kailangang kapwa makamit ng uring manggagawa at ng sangkatauhan ang kalayaan mula sa pagsasamantala (pagbabago ng kaayusan) at kalayaan sa pambubusabos (pagkilala sa dangal at pagkatao ng manggagawa). (107)

Nagkakaisang katipunan ng bayan (inaaping manggagawa, magsasaka, progresibong intelektuwal, makabayang mambabatas) na magpapatuloy ng

pakikibaka para sa mga reporma sa lipunan hanggang sa pinakalohikal na hantungan nito ang bisyong iiwan ng nobela sa pagtatapos ng naratibo. Dahil sa bisyong ito kung kaya masasabing nangunguna si Hernandez na realista at mahusay na estratehista kung ikukumpara sa kanyang mga kapanahong nobelista. At dahil naman sa mga "mapanganib" na mga diwang ito at pagiging lider-unyonista kung kaya itinuring siyang kaaway ng estado at inaresto noong Enero 26, 1951 sa headquarter ng CLO. Nauna nang ikinulong ang mga pinaghihinalaang mga lider ng Pulitburo ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Oktubre 18, 1950 at ang mga operasyong militar na ito ay bahagi ng kampanyang durugin ang mga "komunista." Pansamantala siyang nakalaya noong 1956, ngunit nagpatuloy ang kanyang pagtatanggol hanggang mapawalang bisa noong 1964 ang lahat ng mga kasong isinampa sa kanya ng rehimeng Quirino.

May kakaibang posisyon si Hernandez bilang manunulat na hindi naman naging kasapi ng rebolusyunaryong organisasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas, ma-luma o ma-bago, ngunit ang kanyang panulat at praktikang pampolitika ay kinilala at malay na pinalagaganap hanggang ngayon. Ibinibigay ni Gelacio Guillermo (2004) ng Instityut sa Panitikan at Sining ng Sambayanan ang batayan ng pagpapahalagang ito sa ganitong mga katwiran:

> Ang halaga ni Hernandez sa bagong demokratikong rebolusyon ay nakalugar sa Rebolusyong Pangkultura, isang matagalang kampanya sa edukasyon at propaganda para sa pagsulong ng kilusang pambansa-demokratiko. Sa halos isang dekada mula nang lubos na makalaya siya noong 1961 hanggang sa kanyang pagkamatay noong Marso 1970, hinarap niya bilang manunulat, mangkokolum at guro, ang samut-saring napapanahong usaping panlipunan. Inugat niya sa mga patakarang imperyalista at pyudal ang pananatili at pagtindi ng mga pundamental na problema sa pulitika, ekonomya at kultura ng bansa. (180-181)

Depinitibo naman ang paglalagay ng kritiko-makatang si Epifanio San Juan, Jr. kay Hernandez sa pedestal ng pinakamahalagang rebolusyunaryong manunulat sa Pilipinas:

> Amado V. Hernandez (circa 1965) is the most distinguished and certainly the most necessary poet in the country today. His distinction lies in the finesse of his craft, his importance in the vitality of his art and its effect in changing our attitudes

> to life. Between Hernandez's life and his art there exists no gap: artifice and reality spontaneously fuse in a single act—the act of revolt. ("Only by Struggle" 108)

Nabasa si Hernandez ng mga kasapi ng maka-Kaliwa sa Estados Unidos at sa ibang bansa sa pamamagitan ng pagsasalin ni San Juan sa Ingles ng ilang piling tula in Hernandez sa librong *Rice Grains: Selected Poems of Amado V. Hernandez* at salin ng isang kuwentong isinama ni San Juan sa kanyang librong *Introduction to Modern Pilipino Literature*. Binasa rin si Hernandez sa Rusya sa mga pagsasalin in Igor Podveresky.

### *Pagbabagong-isip kay Hernandez*

Isinalin at inilathala kamakailan ng makata sa Ingles na si Cirilo Bautista ang ilang pinili niyang tula in Hernandez mula sa *Isang Dipang Langit*. Sa librong *Bullets and Roses: The Poetry of Amado V. Hernandez* tinutukoy ni Bautista na ang nag-udyok sa kanya para muling kilatisin ang importansya ni Hernandez ang kasalukuyang patakaran ng sistema ng edukasyon na naglalagay sa mga wika ng Pilipinas sa pangunahing daloy ng pananaliksik at komunikasyon (Veric 205).

Higit na malalim kaysa sa dahilang ito ang sapantaha ni Veric. Si Bautista na kinikilalang magaling na makata at kritiko sa wikang Ingles ay katulad rin ng iba pang makatang Filipino sa Ingles na dumaranas ng *dilemma* na nagnanais na mabawi ang nasyon sa idioma ng mananakop. Iniilawan ng kritikal na teorya sa panitikan, partikular ang Marxistang pananaw sa kasaysayan at materyalistang diyalektika, nakikita ni Veric na dahil naging tagapagmana ang manunulat na Filipino sa Ingles sa kolonyal na kasaysayan, ang pag-iimahinasyon sa nasyon ay isang pagsisikap ng maghugas ng kamay, upang mailugar ang wika ng mananakop sa kasaysayan ng bansa. Nagsususpetsa rin si Veric sa kanonisasyong ginagawa ni Bautista kay Hernandez sa muli niyang pagbasa rito na tila sinasabing siya (Bautista at ang pagbasa niya) ang sasagip sa kalabuan sa pagbabasa kay Hernandez dahil sa "…parochial consideration of the artist's craft and misinterpretations of his proletarian inclination and poetic belief" (Ibid. 208). Itinatampok ni Bautista ang kahusayan ng makata samantalang iniiwasan ang pulitika, gamit ang unibersalita at ahistorikal na pagbasa dito. Matagal nang ibinasura, aniya, ang pagbasa kay Hernandez bilang makatang romantisista, tulad nang pagbasa ni Agoncillo. Sa huli, ikinatwiran ng metakritisismo ni Veric, na ang importante aniya, ay:

> …maunawaan ang sistemang pangkamalayan na umiinog sa dalawang sentro na kinakatawan in Agoncillo at Bautista…mas

> kinakailangang arukin sila bilang mga tunggaliang nagnanais na sagutin ang problemang idinulot ng paghahanap ng wika ng bayan. Ang wika, hindi lamang ang wika kundi ang sistema, lohika, gramatika, at diyalektikang pangkamalayan na nagsilbing giya sa paghahanap at praktika ng kasarinlan. (212)

Igigiit din ni Veric, katulad ng iba pang nauna sa kanyang bumasa kay Hernandez, na mahusay na napagsama ng makata ang porma at nilalamang pampulitika.  Matindi, gayunman, ang puna ni Veric sa pagbasa ni Bautista sa mga salitang ang rosas ni Bautista'y punglo sa puso ni Hernandez (213). At higit na mahalaga, ang paggigiit na "mananatiling bago si Hernandez, habang namamayagpag, ayon kay Agoncillo, ang dahas, at pandarahas ng kapangyarihan sa alinmang hubog, mukha, o pangalan" (Ibid).

### *Panulat ni Lumbera para sa Pambansa, Demokratikong Pakikibaka sa Kasalukuyan*

Si Bienvenido L. Lumbera (circa 2011) sa kasalukuyan ang pinakaaktibong Pambansang Alagad ng Sining na may maka-Kaliwang praktikang pampolitika. Makata, kritiko, iskolar ng panitikan ng Pilipinas, mandudula at aktibong kasali sa makabayan at progresibong kilusan ng mga guro si Bienvenido L. Lumbera. Itinutok ni Lumbera ang kanyang kritika sa kultura ng mga Filipino na laging isinasangkot at inuusig ang kolonyalismo, ang imperyalismong nagsasa-anyong globalisasyon sa siglo 21, at ang estado.  Makakatas dito ang matining na kamalayang pangkasaysayan, materyalista-diyalektikal na pangangatwiran, at pambansa-demokratikong paninindigan sa tunggaliang makauri sa Pilipinas.

Sa partikular na pook ng pampanitikang diskurso, kinikilala ang kontribusyon niya sa pag-aangat ng pagtingin at ng magiging bagong lugar na rin ng bernakular na literatura sa Pilipinas sa panahong matindi pa rin ang kolonyal na gahum ng panitikan sa Ingles (Kanluran at Pilipinas). Malaking kontradiksyon ang sinagisag ni Lumbera na may bitbit na digring doktoral sa *comparative literature* mula sa Indiana University sa Amerika, nang ibandila niya ang bernakular na panitikan at ang wikang Pilipino (noong mga taong 1960) sa diskurso sa panitikan sa akademya. Nag-umpisa sa pagsulat niya ng disertasyon tungkol sa tradisyon na bagaman nasa wikang Ingles pa ay nagbukas naman ng bago at malaking daan sa pagbubuo ng kaalaman sa sariling panitikan (*Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in Its Development*). Ang pagtataguyod niya ng paggamit ng wikang Pilipino/ Filipino ay nanggagaling hindi lamang sa posisyong makabayan sa kultura.

Nanggagaling din ito sa paniniwalang ang wikang ito ang nag-uugnay sa intelektuwal sa buong sambayanan. Higit din niyang minamahalaga ang ahensya ng panlipunang kilusan sa pagbabago sa proyekto ng pagpapalaganap ng wikang Filipino at mga wikang rehiyunal sa Pilipinas, kaysa sa mga institusyon ng gobyerno. Sa usapin ng kapangyarihan at wika, sinuri niya ang naging karanasan sa kasaysayan ng Pilipinas sa kolonyalismo at tinukoy ang magkaiba at magkasalungat na ginampanan ng wika: sa isang banda, ginamit ng kolonyal na kapangyarihan sa pananakop ang Kastila, Ingles, Tagalog, at sa kabilang banda, bunga ng diyalektik ng kapangyarihan at resistans, ay ginamit din ng manunulat na Tagalog ang wikang ito na wika ng Rebolusyon, ng pakikidigma sa mga Amerikano, at sa kasalukuyan, ng kilusang makabayan.

Bukod sa wika at paksa ng pampanitikang pagsisiyasat, importanteng salik ng kritika ni Lumbera ang usapin ng posisyon ng intelektuwal/manunulat sa tunggaliang makauri sa konteksto ng "semi-feudal, semi-colonial" na sistemang panlipunan. Mahalaga ang posisyon ng intelektuwal sa rebolusyunaryong proyekto ng pagpapalaya sa paniniwala ni Lumbera, na may kakayahang magbuwag ng mentalidad na hinubog ng kolonyal na sistema ng edukasyon. At sa kasalukuyang panahon ng globalisasyon, sa harap ng bukas na pagtanggap ng gobyerno sa mga patakaran sa pulitika't ekonomiya ay lalo niyang iginigiit ang kabuluhan ng pagsusulong ng nasyunalismo ng sambayanan kasama ang mga intelektuwal. Sa pag-iisip niya:

> Kung pakasusuriin ang mga patakaran, lumilitaw na ang nasyunalismo ay wala nang silbi bilang gabay ng sambayanan tungo sa hinaharap. Na ang nasyunalismo ay isa nang sagabal sa aktuwal na pag-unlad ng bayan. Na ang tanging tungkuling dapat tuparin ng mamamayang naghahangad ng ikabubuti ng bansa ay magpatianod sa globalisasyong iginigiit sa Pilipinas ng IMF-World Bank. (Yu *Bayan at Lipunan* 93)

Tahasan niyang tatanggihan ang pagyakap sa globalisasyon at igigiit ang kabuluhan ng nasyunalismo sa pakay nitong dekolonisasyon sa ganitong katwiran:

> Hindi ako sang-ayon na ang Pilipinas ay maging pasibo sa pagdaluyong ng globalisasyon. Kailangan pang wakasan ang dalawang panahon ng kolonyal na paniniil at pagsasamantala. Isinadlak ng kolonyal na pananakop ang ating bayan sa kalagayan nitong tagapagtanim ng produktong agrikultural

> na kailangan ng mga kapitalistang bansa, at taga-assemble ng mga produktong industrial na sa atin na rin ipinagbibili ng mga negosyanteng multinasyonal. Kailangang gawing ganap muna ang proseso ng dekolonisasyon. Ito ang magpapalaya sa kamalayan ng sambayanan. Ang paglaya ay pangunahing pangangailangang magbibigay sa bayan ng kakayahang makapagpasya hinggil sa pakikipag-ugnayan sa ibang bansa batay sa pansariling interes ng mga Filipino. (Ibid.)

May mga pumupuna sa posisyong ito ni Lumbera partikular sa pormulasyon niya ng pambansang literatura. Sang-ayon sa pagdalumat ni Lumbera na tumitingin sa pamantayang pambansa bilang pamantayang pampolitika:

> Ayon sa pamantayang iyan, ang panitikan ay "pambansa" kung mahahango sa mga akda, ang pagkilala, *bagaman hindi laging pakikiisa*, sa naging kasaysayan ng sambayanang Filipino, sa mga institusyong kumakatawan sa estadong tina-guriang "Republika ng Pilipinas," at sa kulturang ibinunga ng naging pag-unlad ng lipunang kinabibilangan ng awtor. (Ibid. 7, sa akin ang pagbibigay-diin)

Pinupuna ni José Bagulaya ang pagtukoy ni Lumbera ng "national" na may problema sapagkat aniya hindi "single homogenous discourse" ang kasaysayan ng Pilipinas. Ipagpapatuloy niya ang puna sa pormulasyon ni Lumbera sa ganitong katwiran:

> In fact, what Lumbera wants is to embrace the institutions of the current reactionary state that protect and govern the affairs of the comprador bourgeoisie, the landed elite and the US imperialists. Certainly, Lumbera's allies in the Left would not agree with his definition of "national." (3-4)

Ang problema naman sa ganitong interpretasyon ni Bagulaya ay nanggagaling sa dalawang dahilan: sa pagsasalin niya sa wikang Ingles ay hindi niya naintindihan na ang salitang "pagkilala" ay hindi "recognition" kundi nangangahulugan ng "pagsasa-alang-alang." Bukod dito, tila kum-binyente niyang kinaligtaan ang pasubali ni Lumbera sa mga salitang naglilinaw pa sa sinundang pananalita na "bagaman hindi laging pakikiisa" na sa ibang salita ay nangangahulugang " hindi pag-sang-ayon." Pangalawa, ang problema sa interpretasyon ni Bagulaya ay ang pagsusubo sa bibig ni Lumbera ng mga salitang hindi naman nanggaling sa kanya. Kung

babasahin ang marami pang pahayag ni Lumbera sa usapin ng nasyunalismo, kasaysayan, kalayaan, panlipunang pagbabago, kultura at marami pang iba, ang ibinibintang ni Bagulaya kay Lumbera na pagyakap sa "reactionary state" ay walang batayan. Hindi ba nabilanggo siya noong panahon ng Martial Law dahil sa pakikisangkot niya sa kilusang anti-diktadurya ng pambansa-demokratikong kilusan? Marahil nga, di-gaanong radikal ang mga salita ni Lumbera sa pakikipagdiskurso niya, di paris ng tinutukoy ni Bagulaya na mga kaalyadong Kaliwa, ngunit hindi matatawaran ang naging impluwensya niya na nagpapatuloy hanggang ngayon sa mga guro, estudyante, at manggagawang kultural. Pansinin na hindi nga laging tinitiyak ni Lumbera, katulad sa pagkakataong ito ng paglilimi ukol sa usapin ng pambansang panitikan, ang makauring pagsusuri, ngunit hindi sapat itong isang papel na ito para pagdudahan ang kanyang paninindigan. Ni hindi rin naman sinasabi ni Lumbera na tapos na ang rebolusyon kung kaya dapat nang mabuo ang kanon ng pambansang panitikan. Nakapaglilinaw ang paliwanag mismo ni Lumbera sa konteksto ng sanaysay na binabanggit ni Bagulaya, kasama ng iba pa niyang mga sanaysay sa *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa* (2000):

> …the variety of forms—the formal academic paper, the lecture, the public address, the review, the column and the introduction—was not thrown together by any conscious design; it was a consequence of my having to wear various hats as an activist academician called upon on different occasions to inform, perform, extol, expatiate and, many times, reiterate…they collectively map the landscape of my advocacy. (x)

Aktibong pakikisangkot sa pambayang proyekto ng dekolonisasyon ang tungkulin ng intelektuwal. Ito ang pinaniwalaan ni Lumbera, paniniwalang lalalim pa sa pagsali niya sa kilusang panlipunang may pambansa-demokratikong posisyong ideolohikal na nakatanaw sa radikal na pagbabago ng lipunan. Sa loob nito, kinilala ang sama-samang bisa ng mga gawaing pang-ideolohiya, pampolitika, at pang-organisasyon. Sa tiyak na karanasan ni Lumbera, lumahok siya sa mga gawaing ito sa pamamagitan ng pagsapi bilang miyembro, na sinundan ng pagiging tagapangulo, noong 1970 ng radikal na samahan ng mga manunulat, ang Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA). Dinala ng organisasyong ito ang mga adhikain ng kilusang pambansa-demokratiko sa hanay ng mga manunulat. Itinutok at nilinaw nito ang usapin ng komitment at pagpanig sa rebolusyunaryong pagbabago. Itinaguyod ng samahan ang panitikang ginagabayan ng

pormulasyong “mula sa masa, tungo sa masa,” o ang bunga ng pagkathang ang nilalaman ay karanasan ng masa na “binigyang anyo upang matugunan ang pangangailangan ng masa...at sa paraang angkop sa kasalukuyang kamulatang pampulitika nila” (Yu, *Bayan at Lipunan* 15).

Ipinagpatuloy ni Lumbera sa kilusang lihim ang pakikisangkot nang ideklara ang Batas Militar noong Setyembre 21, 1972. Kasapi siya ng yunit na naglathala sa *Ulos*, isang publikasyong naka-mimyograp na mga tula, maikling kuwento, at ulat tungkol sa mga gawain ng mga aktibista, kadre, at mandirigma laban sa diktadurya sa pamantayan ng PAKSA. Pansamantala siyang nahinto sa gawaing ito nang mahuli siya noong 1974 at ibinilanggo ng estado. Bumalik siya sa unibersidad at nagpatuloy sa pagsusulong ng nasyunalismo't demokrasya, nang makalabas sa bilangguan, sa arenang ito ng pakikibakang legal at parliyamentaryo. Nililinaw niya na “ang buhay na nagpatibay sa aking paninidigan bilang bahagi ng kilusan ay hindi ko na mababalikan. Ngunit ang kilusan ay nag-iwan ng tatak na hindi na mabubura sa aking pagkatao” (Yu at Aguirre 246). Hindi natitinag si Lumbera sa ideolohikal na posisyon niya bilang intelektuwal at kasapi ng kilusang panlipunan sa pagpapalagay na patuloy pa ang pangangailangan ng dekolonisasyon kahit sa panahon ngayon. Bakit nga hindi kung titingnan na ang nangyayari sa kasalukuyan na pananaig ng *finance capital* sa buong mundo na tinawag in Arif Dirlik (1994) na “new global capitalism.”

May dalawang talim ang tinig ng makata sa sumusunod na bahagi ng tulang “Panahon Na” na inawit sa sarsuwelang “Hibik at Himagsik nina Victoria Laktaw” (2003) na kasama sa tinipon ni Teresita Maceda at Shayne Lumbera sa CD (2006) na mga tula't libretto ni Lumbera, ang konteksto ng himagsik na nangyari noong panahon ng himagsikan laban sa pananakop ng Espanya sa Pilipinas, at ang kontekstong kasalukuyan:

> Nagpakumbaba tayo, reporma ang hiniling
> Ang ganti ng gobyerno'y dagdag pang paniniil
> Aral ng kasaysaya'y natutuhan ba natin?
> Panahon na ngayon, ating lagutin
> Ang tanikalang gapos sa Inang Bayan natin.
> …
>
> Ang dapat mabatid ay batid na natin.
> Ang dapat isagawa ay gawin na natin.
> Laya'y binabawi, hindi hinihiling.
> Tayo ay may lakas, laya ay bawiin. (7)

Malinaw ang alusyon. Tumutugaygay sa tradisyon ng mga sedisyosong dula noong unang dekada ng pananakop ng mga Amerikano, isinasadula ni Lumbera ang magiting na pag-aalsa ng mga Pilipino, sa pagkakataong ito sa punto de bista ng mga piniping tinig ng kababaihan ng Katipunan, laban sa pang-aapi ng Kastila, gayong ipinahihiwatig ang kabuluhan ng ganitong pagtugon sa pang-aapi sa kasalukuyan. Ganito ring pagbasa ang maaaring gawin sa iba pang mas kasalukuyan niyang dulang musikal tulad ng "Banaag at Sikat" (2010) at "Noli" (2011). Ibinabalik in Lumbera sa kasalukuyang diskurso ang mga pangunahing usapin ng kaapihan at panlipunang pagbabago ang mga hinawan nang pag-iisip tungkol dito ng mga klasikal na panitikang makabayan at radikal.

### *Katwiran ng Nasyunalismo at Insayt mula sa Praktika ng Kilusang Panlipunan*

Inilahad sa sinundang pagtalakay ang panunuri sa panulat ng makabayang manunulat sa wikang Tagalog/Filipino na sina Hernandez at Lumbera. Ikinakatwiran sa pagsusuring ito, na nagpapatuloy ang kahalagahan at kapanahunan ng bisyong makabayan sa kasalukuyang nagaganap na tunggalian sa pinakakongkreto at espesipikong kahulugan nito na pumaimbulog sa larangan ng pampolitika at pangkulturang pakikibaka na nananatiling nakatayo at nagpapatuloy sa pagbibigay ng ideolohikal na perspektiba sa panlipunang kilusang pambansa-demokratiko. Ang paradaym na ito, na may malakas na intelektuwal na makabayang tradisyong pinagmumulan at panlipunang *praxis* na pinaghahanguan ng kaalaman, ay nagpapatuloy na epektibo sa paglilinaw sa realidad sa lipunang idinudulot ng global na kapitalismo. Naiiba ito sa mas naunang layunin ng nasyunalismo na anti-kolonyalismo sa dahilang nakatutok ito sa internal na tunggalian sa pagitan ng naghaharing uring Filipino (panginoong maylupa, comprador na burgesya, at burukratang kapitalista) at ang masa, sa isang banda at sa pagitan ng monopolyong kapitalistang interes (na hinahalimbawa ng tatlong malalaking kompanya ng langis) na itinuturing na may parehong interes na kung tukuyin sa kasalukuyan ay *corporate greed*.

Mahalagang bigyang diin ang makauring karakter ng makabayang proyekto ng pambansa-demokratikong kilusan sapagkat ito ang resulta ng kabiguan ng naunang kilusang makabayan sa bansa (ang pinamunuan ng mga *elite*) na paunlarin ang ekonomiya at pairalin ang demokrasya sa partisipasyong pampolitika at sa kabuhayan. Itong naiiwang usapin ng internal na kontradiksyong ito ang siyang humuhubog sa katangiang hindi

pa tapos ng rebolusyon sa panahon ng kolonyal at postkolonyal na panahon. Ito rin ang natuklasan ni Jose V. Abueva, isang sosyal sayantist at dating presidente ng Unibersidad ng Pilipinas sa kanyang pagrepaso't pagsusuri sa diskursong makabayan sa Pilipinas (UP CIDS 2001). Sang-ayon sa kanya, ipinaglaban ng mga Filipino ang nasyunalismo sa tatlong digmaan mula 1896-1945. Ngunit, sa kanyang repleksyon tungkol dito, kahit na akalaing hindi nangyari ang interbensyon ng kolonyalismo ng Estados Unidos, malamang na naipagpatuloy lamang ng Republika sa liderato ni Aguinaldo at mga sumunod sa kanya ang "elitist democracy dominated by the former *illustrados and principales*" at ng kanilang mga tagapagmana. At nangyari na nga na sa pananakop ng Amerika, ito ring elitistang demokrasyang ito ang pinalaganap:

> Under US sovereignty, Filipino colonial democracy wherein the Americans ruled with and through the heirs of the Philippine Republic was in fact an elite democracy, or a democracy of the wealthy and educated class. (15)

Kasaysayan na rin ang sumaksi sa pagpapatuloy ng uri ng nasyunalismo at demokrasyang ito hanggang sa post-independence period. Hindi nito natutugunan ang mas pundamental na aspirasyon ng mas nakakaraming mamamayan na siya namang isinusulong ng radikal at rebolusyunaryong kilusang umusbong na muli, umpisa noong dekada 50. Ginamit ng kilusang ito ang wikang pambansa at mga rehiyunal wika upang pukawin ang kamalayan ng madla sa repormang agraryo, militanteng unyunismo, nasyunalismo sa ekonomiya, makabayang reporma sa edukasyon at kultura. Anupa't sa rehimen ni Ferdinand E. Marcos, at bago ang asasinasyon sa oposisyong lider na si Benigno Aquino noong 1983, ang Communist Party of the Philippines-New People's Army-National Democratic Front ang pinakamalawak na organisasyon ng mamamayan sa buong bansa, halos, na nabuo para sa pambansang kilusan para sa katarungan, kalayaan at demokrasya at pagbagsak ng diktadurya (Abueva 16). Importanteng katanungan sa kasa-lukuyan ang may kinalaman sa uri ng demokrasya't pamamahala ng mga gobyernong pumalit kay Marcos matapos ang tinawag na EDSA Revolution.  Sa ibang pananalita, naiiwang mahalagang tanong kung ang panlipunang hustisya, pag-unlad ng ekonomiya para sa pakinabang ng Pilipino at lalong nakakaraming mamamayan nito, at iba pang aspirasyon ng nasyunalismo ay napagtagumpayan na. Ang pagmumungkahi ng iskolar na si Abueva, sa pagtatapos ng kanyang rebyu at pagsusuri, sa matatawag na *agenda* para sa hinaharap ng Pilipinas ang magsasabing malayong malayo pa

sa inaasam ang nangyayari. Ibinatay ni Abueva ang pagtalakay niya sa sanaysay na ito sa tatlong antolohiyang inedit niya: *The Making of the Filipino Nation and Republic: From Barangays, Tribes, Sultanates, and Colony (The Book on the Nation-State), Filipino Nationalism, Nation-Building and National Development (The Book on Nationalism),* at *The Philippines Into the 20th Century: Future Scenarios for Governance, Democracy and Development (The Book on the Future).*

May iba pang indikasyon nito tulad ng katunayang nananatiling buhay ang mga kilusang armadong humahamon sa nakapuwestong gobyerno ng Filipinong *elite*, nagpapatuloy ang mga protesta ng iba't ibang sektor sa iba't ibang isyu tulad ng paglabag sa karapatang pantao, monopolyo ng Cartel ng mga kompanya ng langis sa bansa, korapsyon sa gobyerno, paniniil sa mga manggawa dahil sa *contractualization* ng paggawa at lokal na "outsourcing" ng serbisyo, at kakulangan sa serbisyong pangkalusugan, pang-edukasyon, paglabag sa karapatang pantao, at iba pa. Malalaman din ito sa ngayon ay malaganap na batid ng mga Pilipino na karaniwang pag-iisip ng mga OFW na kahit na sa gitna ng panganib at posibleng kamatayan sa Middle East dahil sa *political unrest* doon ay hindi uuwi dahil sa mas pinipili nilang makipagsapalaran sa mga bansang ito para sa hanapbuhay kaysa bumalik at "magutom" sa tiyak na kawalan ng hanapbuhay rito. Ang kontekstong ito sa kasalukuyan ang larangan ng pagsusulong ng nasyunalismo sa Pilipinas na sa obserbasyon pa rin ni Abueva ay nanatiling malayo pa sa realidad ng pamumuhay ng mga Filipino at pinupuwing niya ang pag-iisip na mararating ito nang walang sakripisyo at pagsisikap na maipapalagay na tumutukoy sa pagkilos at kongkretong resulta:

> Whether nationalism is regarded as a collective feeling or emotion, an idea or an ideology, an ideal aspiration, the people's collective spirit or soul, a philosophy or program, an attitude or an outlook or a social movement, it often seems to be so distant apart, rather than a daily living reality for most of us.... We sometimes talk and write about it in the illusion that we already possess it, that our words today can replace our deeds tomorrow, that our wishes can magically turn into truth...without the effort and the sacrifice. (37)

Binigyang-diin pa ni Abueva ang pananaw na ang nagpapatuloy (enduring) na kabuluhan ng nasyunalismo ay napakahalaga para sa "nation's survival, development and welfare, and hail our people and country" (38).

Sa ganitong konteksto ng karanasan ng Pilipinas sa nasyunalismo, makikitang humuhugot ng kabuluhan ang isinusulong na nasyunalismo sa mga panulat nina Hernandez at Lumbera. Ang makauring nasyunalismong ito na adhikain ng kilusang mapagpalaya sa Pilipinas ay hindi lamang nagsasangkot sa usapin ng lahi (race) o Pilipino laban sa dayuhang interes at usapin ng identidad o Pilipino laban sa Oryentalismo. Importanteng salik sa kanilang praktika ang relasyon ng uri at lahi na lalong nagpapatingkad sa pagkakaiba ng nilalaman ng nasyunalismo ng Filipinong elite sa nasyunalismo ng rebolusyunaryong kilusan. Sinalunga ng panulat ni Hernandez ang namamayagpag na Amerikanisasyon ng edukasyon at kulturang lumambong sa akademya na nasinghap pa at inabutan ni Lumbera. Patuloy namang sinasalunga ng panulat ni Lumbera ang gumagapang na anino ng globalisasyon sa kultura. Sa pook ng akademya, partikular sa pampanitikang pag-aaral, iginigiit niyang nasyunalismo pa rin ang bandilang kailangang iwagayway upang masagkaan ang mapaminsalang idudulot sa kabataan at sa buong sambayanan ng kasalukuyang anyo ng kapitalismo na walang iba kundi ang globalisasyon.

Sa kabila ng mga argumentong ito, may mga kontra-pananaw na ang paggigiit ng nasyunalismo sa panahon ngayon ng globalisasyon ay wala nang kabuluhan, na hindi na nito naaakit ang mas nakararaming tahimik na mayorya ng mga nasa panggitnang uri upang makilahok, na ang Marxistang analisis na pinagkakadluan ng radikal na kilusan ng kanyang teoryang panlipunan, pagsisiyasat, at estratehiya ay luma na at wala na sa panahon.

Isa sa sumagot sa ganitong kritisismo si Francisco Nemenzo, politikal sayantist, dating presidente ng UP, at sumali (bagaman *minor role*, sabi niya) sa rebolusyunaryong kilusan sa bansa, at isang eksperto sa paksa ng kilusang rebolusyunaryo sa Pilipinas (2001). Iminamatwid niya na "despite the growing pains of Filipino Communism (circa 1990s), the revolutionary movement will persist in view of the reality of oppression in the world.... The Left will always be around to harass the oppressors and touch the conscience of the rest" (52). Inilalarawan niya ang realidad na ito sa ganitong pananalita:

> Capitalism is as oppressive as ever. Unemployment is rising at an unprecedented rate not only in the Third World but also in Japan, America and Europe. The workers who are lucky enough to keep their jobs now are in constant fear of redundancy. Under pressures from the IMF and threats of sanctions from the WTO, laws are amended to delete

> provisions meant to protect the worker's rights. Thanks to the liberalization of trade and investment policies, capital now moves freely across national boundaries, leaving behind devalued currencies, idle factories, jobless workers, and homeless families. Budget for social services are cut. Education and health care are turned into commodities and dispensed according to the ability to pay. (52)

Sinalungguhitan din niya na dahil ang globalisasyong ito ay isa lamang naiibang pangalan ng monopolyong kapitalismo kung kaya sa halip na pagkalaos, muli lamang nagiging makabuluhan si Marx.

Sa kabilang banda, nagbabago ang ihip ng hangin sa mga nangungunang unibersidad sa bansa na naaakit sa mga "bagong" pagdulog sa panitikan, na kinabibilangan ng tinawag na "Postcolonial Theory" (PCT). Pagkatapos ng EDSA I, nabuksang muli ang espasyong demokratiko sa kultura, at politika, ngunit hindi sa ekonomiya. Sa antas ng pampanitikang pag-aaral, naging matunog sa mga diskursong pampanitikan at pangkultura ang mga terminong *hybridity, mimicry, ambivalence, marginalization, worlding, subaltern, deterritorialization, master narrative* at iba pang bumubuo ng bokabularyo nito na naglulundo sa posiyong ideolohikal na kontra sa "Orientalism" o ang binuong identidad ng mga mananakop na Europeo at Amerikano sa mga lahing sinakop nila. Kapag hinango sa mga naunang nagpahayag/nag-articulate ng kahusayan ng PCT bilang diskurso sa Pilipinas, matutukoy ang mga sumusunod na katwirang higit na malaking kabuluhan bilang bagong kritikal na proyekto para sa pag-aaral ng wika at literatura sa Pilipinas na ang nagkakaisang pakay ay pagsasalba (retrieval) ng mga alternatibong praktis pampanitikan at ang interogasyon ng mga umiiral na kolonyalistang sistema ng kaalaman (Patajo-Legasto 1-15).

Nagbubukas ng talastasan ang ginagawang interogasyon ng ilang tagapagtaguyod ng PCT sa Pilipinas, partikular sa larangan ng panunuring pampanitikan sa kasalukuyan, sa posisyong ideolohikal ng makabayang diskurso sa kultura. Hinahamon nito ang ilang pananaw nito ukol sa kolonyalismo, resistans at nasyunalismo. Halimbawa, may kritika si Neil Garcia sa tinawag niyang "dominant poetic theories sa Pilipinas sa kasalukuyan, na nakasentro sa poetics ni Virgilio Almario, makata sa Tagalog at ni Gemino Abad, makata sa wikang Ingles sa kanilang paggigiit sa "essentialist abstraction" na "nativist self" (katutubong kaakuhan) at "the Filipino spiritual country." Sinuri ang mga posisyong ito sa usapin ng identidad at postkolonyal na kritika at teorya ng kolonyalismo, at iginigiit

na imposibleng mapag-aralan ang anumang bagay na may kinalaman sa kontemporaryong Pilipinas na hindi kikilalanin ang "cultural hybridity, neo-coloniality and the sad horrific truth of dividedness," dahil sa lantad na katunayan ng kolonyalismo (2004, 3). Nililinaw niya, gayunman na "I really do not want to condemn the nativist project per se" (Garcia 2004, w.p. sa http://www.panitikan.com.ph, October 8, 2011.). Ganito ang kanyang posisyon tungkol dito:

> As postcolonial critics, we simply must remain sensitive to the contexts within which claims about identity are being made—to understand why they are being made, and to offer alternative conceptions of identity when and where they are so needed. Given the "violent" and fantastical duality that Almario and Abad propose on the question of Filipinoness, I have thus felt it necessary to insert into their poetic discourses the notion of the "Third," the hybrid space of irresolvable crisis, within which Filipinos tortuously—yet unquestionably—exist.... To repeat what has often been said, nativism—which in its "best" form is the strategic use of essentialist notions of culture in the project of reversing colonialism's "violent hierarchies"—may be necessary during the initial decolonizing moment, but not any more after that. (Ibid.)

Binabanggit ang kritika in Garcia sa "nativism" upang bigyang halimbawa ang "currency" ng postcolonial theory sa mga malalaking unibersidad sa bansa, na sa isang pagtingin ay nagkakabisa ng paghamon sa kritika ng kultura at kaakibat nitong paninindigang makabayan sa panulat at praktika in Hernandez at Lumbera. Sa biglang tingin, ang huling binanggit niya sa sinusundang sipi ay nagpapahayag na hindi na kailangan sa ngayon ang "strategic use of essentialist notions of culture," dahil importante lang ito sa umpisa ng dekolonisayon, kung itatapat sa patuloy na pagsusulong ni Lumbera ng dekolonisasyon ay hindi magkasundo, bagaman nais linawin dito sa pagtalakay sa papel na ito na hindi natibismo ang isinusulong ni Hernandez at Lumbera. Sa isa pang papel in Garcia ("Nativism and Critical Theory"), nilinaw niyang layunin lamang niyang magsimula ng kritika ng nasyunalismo bilang normatibong diskurso, partikular ang institusyunal na diskurso tungkol sa "Filipinoness" at sana, magbunga ito ng tinawag niyang "critical nationalist knowledge", isang pangyayari na mainam namang mangyari.

Sa unang malas, mainam na debelopment ito dahil nagbubukas ng ibang diskurso at pagsusuri ang mga gumagamit nito sa Pilipinas. Nagluluwal ito ng mga kaalaman at insayt tungkol sa iba pang di dating nagagawang pagsusuri sa kolonyalismo at sa kultura. Nabubusisi nito ang iba pang usapin tulad ng identidad at ahensya. Sa kabilang banda, sumasang-ayon ang awtor ng papel na ito na sa kalagayan ng bansa sa kasalukuyan at sa haharapin pa, ang importante sa kritikang panlipunan ay iyong naglilinaw sa mga hamong humahadlang sa pundamental na pagbabago sa pulitika't ekonomiya para sa pag-unlad ng sambayanan. Hihiramin dito ang pamilyar na obserbasyon ni Marx upang kritikahin ang mga idealistang pilosopo sa panahon niya nang sabihin niyang "Philosophers have interpreted the world, the point, is to change it." Marahil ay pupunahin din itong konsepto ng sambayanan bilang isang esensiyalistang abstraksiyon, ngunit, hindi maitatanggi ang katunayan ng pag-iral ng konseptong ito sa praktika ng mga panlipunang kilusan sa Pilipinas.

Bilang pagtatanggol sa pambansa-demokratikong kritika ng kultura at lipunan, hinarap ni San Juan ang teorya ng postkolonyalismo sa kanyang librong *Beyond Postcolonial Theory* at pinuna ang mga limitasyon nito sa pagbibigay ng makahulugang pang-unawa sa mga nagpapatuloy ng pakikibaka sa monopolyong kapitalista sa iba-ibang pook ng mga dating kolonya ng emperyo. Ang kasalukuyang pagsusuri sa panlipunang realidad sa mundo na tumutukoy sa masamang resulta ng mga neo-liberal na preskripsyon ng globalisasyon at ang paggrabe pang lalo ng kondisyon ng ekonomya sa lahat ng panig sa mundo ay inaasahan in San Juan na ipagwawalang bahalang "old hat radicalism vitiated with reductionist excesses," ng mga ortodoksiya ng postkolonyal na teorya na tinutukoy sina Edward Said, Gatyari Spivak at Homi Bhaba. Sinasalunga niya ang posisyong ito, at humahango siya mula sa teoretikal na insayt ni Frederick Jameson sa relasyon ng bagong antas ng kapitalismo at ng mga puwersa ng "reification" na siyang nagbigay-daan sa mga kategoryang konseptwal na *contingency, indeterminacy, ambivalence, borderline crossings, displacements, dislocations, transcultural negotiations, and diasporic,* o ang buong *repertoire of potscolonial tropes.* Sa paliwanag ni San Juan, ang mga estratehyang pangretorikang postkolonyal ay hindi nakapagbibigay ng "cognitive mapping of all those historical trends that marked the breakdown of developmentalism, modernization theory, and other theoretical solutions to the crisis of monopoly capitalism" ("Critique of Postcolonial Criticism" walang pahinasyon). Nililinaw niyang kung walang konsepto ng kabuuan (totality), ang nosyon ng medyasyon ay naiiwang hungkag at walang saysay at ang totalidad na ito sa kanyang pagkakongkreto sa kasaysayan ay nagiging aksesibol sa konsepto ng di-pantay na pag-unlad

o “uneven development” (mula kay Samir Amin). Kung ganoon, ang pagtanggi ng mga postkolonyalista sa mga unibersalistang pangangatwiran ng pakikibaka ng mga pambansang pagpapalaya na mga anyo lamang ng “European mimicry” ay nagsisiwalat, patuloy ni San Juan, ng hindi namamalayang pakikipagkuntsaba nila sa eksploytasyon ng monopolyong kapitalista na lantarang namang nakikita na sa realidad ng di-pantay na kaunlaran na ginawa nitong unibersal na kalagayan.

Makakatagpo naman ng malakas na katwirang teoretikal si Lumbera kay Arif Dirlik sa matalas na kritika nito sa pagteteoryang postkolonyal at posisyong ideohikal sa konteksto ng “new world order”, na siyang lumikha ng sitwasyon ng krisis na hindi madaling maintindihan ng mga intelektuwal. Marapat na sipiin nang mahaba-haba ang bahagi ng pagtalakay–pagpuna ni Dirlik sa mga First World na intelektwal na nanggaling sa Third World, gayundin sa implikasyon nito sa pambansa-demokratikong pakikibaka sa Pilipinas:

> Whereas this discourse shares in the same themes as postcolonial discourses everywhere, it rearranges these themes into a celebration of the end of colonialism, as if the only tasks left for the present were to abolish its ideological and cultural legacy. Although this approach may sound convincing, by fixing its gaze on the past it in fact avoids confronting the present. The current global condition appears in the discourse only as a projection of the subjectivities and epistemologies of First World intellectuals of Third World origin….
>
> Postcolonial critics have engaged in valid criticism of past forms of ideological hegemony but have had little to say about its contemporary figurations. Indeed, in their simultaneous repudiation of structure and affirmation of the local in problems of oppression and liberation, they have mystified the ways in which totalizing structures persist in the midst of apparent distintegration and fluidity. They have rendered into problems of subjectivity and epistemology concrete and material problems of the everyday world. While capital in its motions continue to structure the world, refusing its foundational status renders impossible the cognitive mapping that must be the point of departure for any practice of resistance and leaves such mapping as there is in the domain of those who manage the capitalist world economy. (30)

Sa pagbabalik sa pangunang argumento ng papel na ito bilang pagtatapos ng talastasan, ang mga manunulat na sina Hernandez at Lumbera ay kumakadlo ng kabuluhan nila sa kasaysayan at kasalukuyan mula sa mahabang tradisyon ng makabayang pakikitunggali ng sambayanan laban sa kolonyalismo, neo-kolonyalismo, at monopolyang kapitalismo sa antas ng globalisasyon ngayon.

Ang pagtataguyod ni Hernandez sa pakikibakang anti-kolonyal, anti-imperyalista at kontra sa naghaharing Filipino elite noong kapanahunan niya bilang manunulat sa Tagalog/Pilipino at lider ng kilusang manggagawa at ang patuloy na pagsusulong ni Lumbera sa pakikibakang anti-imperyalista sa panahon ng globalisasayon at kontra sa naghaharing Filipinong elite bilang manunulat sa wikang Filipino at sa Ingles, ay walang alinlangang pagsusulong ng mahabang kasaysayan ng mga Pilipino para sa panlipunang pababago. Ang walang humpay na pag-uusisa at pagteteorya ukol sa kolonyalismo ay magbubunga pa ng mga bagong pagsusuri sa iba't ibang usapin, ngunit, para sa bansang tulad ng Pilipinas na naghahanap pa ng *sustainable development* na matatamasa ng higit na maraming bilang ng kanyang mamamayan, ang mga ideyang nagbibigay ng lakas at nagtuturo ng landas tungo sa realisasyon ng pambansang layuning ito ang lalong mahalaga't makabuluhan. Nagpapatuloy ang pakikibaka sa pagtataman nina Hernandez at Lumbera sa radikal na diskursong makabayan.

## *NOTE*

[1]Taman-katamanan, n. perseverance, constancy. Syn. Pagkamapagtaman, pagtataman, konstansiya. Cf. katimtiman, sa Panganiban, José Villa. Diksyunaryong Pilipino-Ingles, 2nd edition. Pilipinas: Bedes Publishing, 1971. 301.

## *BINANGGIT NA SANGGUNIAN*

Abueva, José V. "Nationalism and Our Quest for Good Governance, Democracy and the Good Society." *Centennial Lecture Series: Memories, Visions and Scholarships and Other Essays.* Quezon City: University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies, 2001. 11-39. Print.

Amin, Samir. *Imperialism and Unequal Development.* New York: Monthly Review Press, 1977. Print.

Bagulaya, José Duke S. *Writing Literary History: Mode of Economic Production and Twentieth Century Waray Poetry*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2006. Print.

Daroy, Petronilo Bn. "From Literature to Revolution." Ed. Ordoñez, Elmer A. *Nationalist Literature: A Centennial Forum.* Quezon City: University of the Philippines Press, 1996. 233-246. Print.

Dirlik, Arif. "The Postcolonial Aura: Third World Criticism in The Age of Global Capitalism." *Critical Inquiry* 20.2 (Winter 1994) n.p. Print. Web. 26 October 2011. <http://postcolonial.net@ Digital Library/-entries/42/file/pdf>.

Garcia, J. Neil. *Postcolonialism and Filipino Poetics: Essays and Critiques.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2004. Print.

---. "Nativism and Critical Theory: A Response to a Counter Critique." *Philippine Collegian (*Special Issue). Quezon City: University of the Philippines Press, 2008. Print.

Guillermo, Gelacio. *Ang Panitikan ng Pambansang Demokrasya.* Lungsod ng Quezon: Kalikasan Press, 1990. Print.

---. "Party Policy in Revolutionary Literature." Ed. Doble, Jaime. Kadiliman: The Philippine Collegian Anthology of Critical and Creative Writing. Lungsod ng Quezon: Philippine Collegian, 2001. Print.

Guillermo, Ramon. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2009. Print.

---. "Tatlong Bersyon ng Tulang 'Bayani'". Eds. Guillermo, Alice at Veric Samuya. *Suri at Sipat, Araling Ka Amado*. Manila: Amado V. Hernandez Resource Center and National Commission on Culture and the Arts, 2004. 93-110. Print.

Hernandez, Amado V. "Ang Pilipino sa Panitikan" ed. Yu, Rosario T. *Magkabilang Mukha ng Isang Bagol at Iba Pang Akda ni Amado V. Hernandez.* Quezon City: University of the Philippines Press, 1977. 237-254. Print.

---. *Bayang Malaya*. Manila: Ateneo de Manila University Press, 1969. Print.

---. *Mga Ibong Mandaragit.* Quezon City: International Graphic Service, 1969. Print.

---. *Philippine Labor Demand Justice.* New York: Far East, 1979. Print.

Lumbera, Bienvenido L. *Revaluation: Essays on Philippine Literature. Cinema and Popular Culture.* Manila: Index, 1984. Print.

Maceda, Teresita G. at Lumbera, Shayne. Pagtipon at produksiyon . *Mga Awit ng Pagsinta at Pakikibaka: Bienvenido Lumbera, National Artist. Compact Disc at Titik ng mga Awit,* 2006.

Nemenzo, Francisco. "The Growing Pains of Filipino Communism." UP-CIDS. *Centennial Lecture Series: Memories, Visions and Scholarships and Other Essays.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2001. 41-53. Print.

---. "The millenarian–populist aspects of Filipino Marxism." Ed. David, Randolf. Marxism in the Philippines: Marx Centennial Lectures. Randolf Quezon City: Third World Studies Center, 1984. Print.

Ordoñez, Elmer A. *Emergent Literature: Essays on Philippine Writing.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2001. Print.

---, ed. *Nationalist Literature: A Centennial Forum.* Quezon City: University of the Philippines Press, 1996. Print.

---, ed. Festschriften*: Leopoldo Y. Yabes. Philippine Culture: Ideology and Transformation*." Quezon City: University of the Philippines, College of Arts and Letters, 1987. 9-20. Print.

Patajo-Legasto, Prescelina. "Introduction: Discourses of 'Worlding' and Philippine Post-Colonial Studies." Eds. Hidalgo, C. P. and Patajo-Legasto P. *Philippine Post-Colonial Studies: Essays on Language and Literature.* Quezon City: University of the Philippines Press, 1993. 1-16. Print.

Teodoro, Noel."Radical Philippine Literature, 1907-1934: A Preliminary Study," Ed. Ordoñez, Elmer. *Nationalist Literature, A Centennial Forum.* Quezon City: University of the Philippines Press and Philippine Writer's Academy, 1996. 53-90. Print.

---. "The Radical Tradition in the Philippines: A Historico-Literary Survey, 1864-1941." M.A. Thesis, Unibersidad ng Pilipinas, 1982. Print.

San Juan, Epifanio Jr. *The Radical Tradition in Philippine Literature*. Quezon City: Manlapaz Publishing, 1971. Print.

---. *Allegories of Resistance.* Quezon City: University of the Philippines Press, 1994. Print.

---. "*Only by Struggle: Reflections on Philippine Culture Politics and Society."* Amado V. Hernandez: *Against Exploitation and the Oligarchy.*" Quezon City: Giraffe Books, 2002. 108-116. Print.

---. *Beyond Postcolonial Theory*. New York: St. Martins Press, 1998. Print.

---. "Critique of Postcolonial Criticism in the Philippines Matrix Project." http:// philcsc.wordpress.com/2008/11/November 15, 2008. Web. 9 September 2011.

UP-CIDS. *Centennial Lecture Series: Memories, Visions and Scholarships, and Other Essays.* Quezon City: University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies, 2001. Print.

Veric, Charlie Samuya. "Kung ano ang nakataya sa pagsalin kay Ka Amado: Ilang mga panimulang tala" Eds. Guillermo, Alice at Charlie S. Veric. *Suri at Sipat: Araling Ka Amado.* Manila: Amado V. Hernandez Resource Center and National Commission on Culture and Arts, 2004. 201-213. Print.

Yu, Rosario T., ed. *Bayan at Lipunan: Ang Kritisismo ni Bienvenido Lumbera.* Manila: UST Publishing House, 2005. Print.

---, ed. *Magkabilang Mukha ng Isang Bagol at Iba pang Akda ni Amado V. Hernandez: Koleksyon ng mga Dula at Sanaysay*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997. Print.